Ano ang Aming Ginagawa

Ang Pambansang Lupon para sa Ugnayang Paggawa ay isang nagsasariling pederal na ahensiya na binigyan ng kapangyarihan na ipagtanggol ang karapatan ng mga empleyado na mag-organisa at magdesisyon na magkaroon ng unyon bilang kinatawan sa negosasyon. Kumikilos din ang ahensiya na iwasan at solusyunan ang hindi patas na gawain sa paggawa na ginagawa ng mga employer sa pribadong sektor at unyon.

Magsagawa ng Eleksyon

Kung nais mong magbuo o sumali ng unyon, o alising ang sertipikasyon ng isang unyon, maaari kang maghabla ng petisyon sa eleksyon. Mangyaring makipag-ugnayan sa isang opisiyal sa impormasyon sa pinakamalapit na Rehiyonal na Opisina para sa tulong.

Mag-imbestiga ng mga Kaso

Kung naniniwala ka na nilabag ang iyong karapatan ayon sa NLRA, maaaari kang maghabla ng kaso laban sa isang employer o organisasyon sa paggawa. Maaari mong makita ang mga form sa paghahabla dito. Mangyaring makipag-ugnayan sa isang opisiyal sa impormasyon sa pinakamalapit na Rehiyonal na Opisina para sa tulong.

Magsagawa ng kasunduan

Hinihikayat ng NLRB ang mga partido na lutasin ang mga kaso sa pamamagitan ng pakikipagkasundo sa halip na magsagawa ng pagdinig kung maaari. Sa katunayan, higit sa 90% ng mga matagumpay na kaso ng hindi patas na gawain sa paggawa ay nilutas ayon sa kasunduan sa isang punto ng proseso, sa pamamagitan ng kasunduan sa Lupon o pribadong kasunduan. Board Settlement Agreements

Magdesisyon sa mga Kaso

Kapag ang reklamo sa Hindi Patas na Gawain sa Paggawa na ipinataw ng mga rehiyonal na direktor ay hindi nagdulot sa isang kasunduan, karaniwan ito ay nagreresulta sa isang pagdinig sa harap ng isang Hukom sa Batas Administratibo ng NLRB. Tulad ng anumang pagdinig sa korte, ang dalawang partido ay maghahanda ng mga argumento at magpapakita ng ebidensiya, saksi, at mga eksperto.

Magpatupad ng mga Utos

Sa pagsusuri ng mga kaso, ang mga Circuit Court ay tinatasa ang mga katunayan at legal na batayan para sa utos ng Lupon at magdedesisyon, pagkatapos ng briefing o oral argument, kung magsasagawa ng isang pahayag na nag-uutos ng pagsunod sa Kautusan. Ang Korte ay maaari ring magbigay ng Kautusan ayon sa paniniwala na anginirereklamong partido ay nabigo na kontrahin o walang legal na batayan na kontrahin ang aksyon ng Lupon.